



Pagsubok sa mga Kaloob

Leksyon 30

1. Bakit kailangan nating subukin ang lahat ng espirtual na pagpapahayag?

1 Juan 4:1 _____

2. Ano ang sasabihin ng Panginoon sa marami na nag-propesiya?

Mateo 7:22-23 _____

3. Ano ang sinabi Niyang babangon sa mga huling araw?

Mateo 24:24 _____

4. Ano ang apat na tiyak na mga utos ang ibinigay ni Pablo?

1 Tesalonica 5:19-21 _____

5. Sang- ayon sa anong salita dapat nating subukin ang lahat ng mga bagay?

Isaias 8:20 _____

Ang una at ang pinaka-mahalagang subukan ng isang propeta ay ang kanyang pabalita ay sumasang-ayon sa kautusan ng Diyos at sa patotoo ng mga naunang mga propeta ng Diyos.

6. Paano ang panlabas na kaanyuan ng isang bulaang propeta dumadaya sa mga tao?

Mateo 7:15 _____

7. Paano nating ngayon makikilala ang totoo mula sa bulaan?

Mateo 7:16-20 _____

8. Ang mga bulaang propeta ay pinalakas ang kamay ng masama, upang ano?

Ezekiel 13:22 _____

Ang ikalawang subukan ng isang propeta ay ang bunga ng kanyang gawain. Ang kanya bang sariling buhay ay naghahayag sa ugali ng Diyos? Ang kanya bang mga gawa ay nagtatanda ng mataas at banal na pagtawag ng Diyos? Ang buhay ba ng mga tao ay naitataas sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan?

9. Ano ang ipinahihwatig ng kawastuhan ng hula ng isang propeta?

Jeremias 28:9 _____

10. Ano ang ipinahihwatig ng hindi maling hula?

Deuteronomio 18:21-22 _____

11. Subalit kahit mangyari ang isang tanda, anong pabalita ng isang propeta ang magpapatunay na siya ay bulaan?

Deuteronomio 13:1-5 _____

Ang ikatlong subukan ng isang propeta ay ang kawastuhan ng kanyang mga hula. Ang panghuhula, gayunman, ay hindi ang pangunahing gawain ng isang propeta. Ang gawain ng propeta ay dalhin ang mga pabalitang ibinigay ng Diyos, at ang mga pabalitang iyon ay maari o hindi naglalaman ng kaalaman sa hinaharap. Subalit kapagka nagpahayag ang Diyos ng mga

pangyayari sa hinaharap, makatitiyak tayo na ito ay matutupad kung paano Niya sinabi. Minsan ang Diyos ay nagbibigay ng mga kondisyonal na propesiya. Ang pabalita ni Jonas sa pagbagsak ng Niniveh, bilang halimbawa, ay naka-kondisyon sa pagtugon ng mga tao. Sapagkat si Satanas kung minsan ay tumpak na nakapanghuhula ng ilang tiyak na mga pangyayari bago ito maganap, ang mga natupad na hula ay hindi kikilalaning panghuling katunayan ng tunay na kaloob ng propesiya. Subalit hindi makapanghuhula sa Satanas ng 100 porsyentong tumpak tulad ng Diyos. Sa ganitong dahilan, kapag ang mga hula ng isang propeta ay patuloy na natutupad sa buong panahon ng kanyang gawain, kailangan natin itong tanggapin bilang katunayan ng kanyang pagiging totoo. Kailangan din natin ngayong humanap ng iba pang mga subukan na dapat pagdaanan.

12. Ano ang isang susing katuruan na dapat masuri?

1 Juan 4:3 _____

13. Ano ang dalawang mga pisikal na bunga ang ibinalita ni Daniel mula sa kanyang pangitain?

Daniel 10:17 _____

Ang mga bunga ng pangitain ni Daniel ay isinasalarawang detalyado sa Daniel 10: 7-19.

- a) - Tanging si Daniel lamang ang nakakita ng pangitain. Ang mga lalaking kasama niya ay hindi nakakita nito, subalit natakot.
- b) - Nawala ang lahat niyang lakas.
- c) - Nawalan siya ng malay, sumunod nakarinig ng tinig.
- d) - Isang kamay ang humipo sa kanya, na nag
- e) - Sumunod siyang bumangon sa kanyang mga paa.
- f) - Naging pipi siya.
- g) - Ang kanyang labi ay hinipo, siya ay nakapagsasalita.
- h) - Walang hininga na nasa kanya.
- I) - Binigyan siya ng lakas.

14. Nang marinig ni propeta Balaam ang mga salita ng Diyos at nakita ang pangitain ng Makapangyarihan sa lahat, paano isinalarawan ang kanyang kalagayang pisikal?

Bilang 24:4 _____

Bagamat hindi kailanman panghuling subukan ng banal na pagkasi, ang pambihirang pangyayari na kasama sa pangitain ay nagpapaging kapani-paniwala sa pabalita ng isang propeta. Sapagkat si Satanas ay may kakayanang gayahin ang gayung mga tanda, hindi natin ibabatay ang ating tiwala sa isang propeta dahil lamang sa mga pagpapakitang pisikal.

Ang mga tandang pisikal ay hindi laging naroroon kapag ang isang propeta ay tumatanggap ng pahayag.

Malimit ang Diyos makipag-usap sa Kanyang mga propeta sa kanilang mga panaginip habang sila ay natutulog.

15. Marami tayong mga sangkap sa isang katawan; at sa anong bahagi ang lahat ng mga sangkap ng katawan naiiba?

Roma 12:4 _____

16. Anong mayroon ang bawat sangkap na nagkakaiba-iba?

Roma 12:6 _____

Paki-basa din ang 1 Corinto Katipulo 12, natatangi na ang mga talatang 4-11, 14-19, 28-30. Hindi sinasabi ng Biblia na ang isang tunay na mananampalataya ay magkakaroon ng isang tiyak na kaloob. Ni hindi din sinabi na ang mananampalataya ay maaring pumili ng kanyang kaloob. Ang Banal na Espirito ay nagbibigay ng iba't – ibang mga kaloob sa iba't – ibang mga tao, “binabahagi sa bawat isa ayon sa kaniyang ibig.”

17. Kabilang sa mga tandang sinabi ni Jesus na susunod sa kanila na nananampalataya, sila ay magsasalita ng ano?

Marcos 16:17 _____

Ang salitang “dila” (glossa) ay nangangahulugang “wika”.

18. Sa Araw ng Pentekostes, paano ang bawat bisitang dayuhan nakarinig ng pananalita ng mga apostol.

Gawa 2:6 _____

Ang ikalawang kakahayagan ng kaloob ng mga wika ay naganap sa bahay ni Cornelio, isang Romanong sinturion (Gawa 10: 46).

19. Paano ipinaliwanag ni Pedro na ang kaloob ng mga wika sa bahay ni Cornelio ay hindi naiiba mula sa naranasan nang Pentekostes.

Gawa 11:17 _____

Ang tanging ibang nakatalang pangyayari ng mga wika sa Biblia ay sa Gawa 19: 6. At walang anuman sa talata na nagsasabing ang pagkakahayag niyon ay may pagkakaiba.

20. Bagamat ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at mga anghel, at walang pag- ibig, ako'y naging tulad ng ano?

1 Corinto 13:1 _____

21. Ano ang tanging katanggap- tanggap sa Biblia na pamamaraan sa pagsasalita ng ibang mga wika?

1 Corinto 14:27 _____

22. Ano kung walang sinumang magpapaliwanag nito?

1 Corinto 14:28 _____

23. Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay sa ano?

1 Corinto 14:26 _____

“Gayon din naman kayo, kung hindi ipinangungusap ninyo ng dila ang mga salitang madaling maunawaan, paanong matatalos ang inyong sinasalita? sapagka't sa hangin kayo magsisipagsalita.” 1Co 14:9

“Kung hindi ko nga nalalaman ang kahulugan ng tinig, magiging barbaro ako sa nagsasalita, at ang nagsasalita ay magiging barbaro sa akin.” 1Co 14:11

“Kung ang buong iglesia nga'y magkatipon sa isang dako at lahat ay mangagsalita ng mga wika, at mangagsipasok ang mga hindi marurunong o hindi mga nagsisisampalataya, hindi baga nila sasabihing kayo'y mga ulol?” 1Co 14:23

24. Ang kaguluhan ba ay nagmumula sa Diyos?

1 Corinto 14:33 _____

25. Ano ang layunin ng mga wika?

1 Corinto 14:22 _____

26. Paano kung gayon ang lahat ng mga bagay dapat gawin?

1 Corinto 14:40 _____

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

O Nauunawaan kong ang Biblia ay naglatag ng mga tiyak na subukan upang malaman ang katumpakan ng mga propeta.

O Nauunawaan kong ang mga espirtual na kaloob ay binahagi ayon sa kalooban ng Diyos, hindi ng sa atin.

O Nauunawaan kong ang layunin ng kaloob ng mga wika ay upang ipamalita ang mabuting balita, ay mawawalang kabuluhan kung saan hindi ito kailangan sa layuning iyon.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Kapag Ang Lahat ng mga Relihiyon ay Magkaisa*